CITY OF LONG BEACH

# PRESS RELEASE

**PAHAYAG SA PRESS**

Mayo 12, 2021
Kontak: Richard de la Torre, Opisyal ng Impormasyon sa Komunidad, Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad, 562.570.7174, richard.delatorre@longbeach.gov

Para sa Agarang Release

## Pinalawig ng Lungsod ng Long Beach ang Panahon ng Aplikasyon nang 30 Araw para sa Programa ng Tulong sa Pag-upa

### *Inaasahan ng lungsod na makatatanggap ng tinatayang $21.2 milyong karagdagang pondo upang suportahan ang tulong sa pag-upa*

Long Beach, CA – Pinalawig ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ang deadline para sa pagsusumite ng mga residensyal na nagpapaupa at umuupa ng mga aplikasyon para sa Long Beach Emergency Rental Assistance Program (LB-ERAP) sa Hunyo 11, 2021. Ang dating deadline para sa bagong programang inaprubahan noong Marso ay Mayo 12, 2021.

“Nagpapasalamat kami na ginagawang priyoridad ni Gobernador Newsom ang pagtulong sa umuupa at nagbibigay-daan ang karagdagang mapagkukunan at oras na ito na makakuha ang mas marami pang tao ng tulong,” sabi ni Alkalde Robert Garcia.

Maaaring ipasa ang lahat ng aplikasyon sa LB-ERAP sa pamamagitan ng online na portal ng impormasyon at serbisyo sa longbeach.gov/erap. Ang programa, na pinondohan sa pamamagitan ng Federal Consolidated Appropriations Act of 2021, ay nagbibigay ng tulong sa pag-upa sa mga residensyal na nagpapaupa at umuupang karapat-dapat ayon sa kita sa Long Beach na nakaranas ng pinansyal na kawalan o pangkabuhayang paghihirap dahil sa COVID-19. Dagdag pa rito, maaari ring mag-apply sa pagpopondo ng LB-ERAP ang mga aplikanteng nangangailangan lamang ng tulong sa mga pagbabayad ng utility.

Pinatutupad ng LB-ERAP ang mga batas sa proteksyon sa umuupa na pinagtibay ng Estado ng California. Subalit, hiwalay ang LB-ERAP sa programa ng tulong sa pag-upa ng Estado, at hindi dapat mag-aplay ang mga aplikante sa programa ng Estado kung nasa Long Beach ang yunit na hinihingian nila ng tulong.

Para maging karapat-dapat, kailangang umuupa sa Long Beach at nakakamit ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang sambahayan ay dapat may kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 80% ng median na kita sa lugar.

- Nakaranas ang isa o higit pang indibidwal ng pinansyal na paghihirap dahil, direkta man o indirekta, sa pandemyang COVID-19; at
- Nakakapagpakita ang isa o higit pang indibidwal na nasa sambahayan ng panganib na makaranas ng kawalan ng tahanan o kawalan ng kasiguruhan sa bahay.

Narito ng iba pang detalye ng programa:

- Gagawing priyoridad ng programa ang mga sambahayang nasa o mas mababa sa 50% ng median na kita ng lugar.
- Gagawing priyoridad ng programa ang pagtulong sa mga sambahayang may mga upang di pa nabayaran at mga umuupang mababa ang kita na walang trabaho sa loob ng 90 araw o higit pa at nasa panganib na makaranas ng kawalan ng kasiguruhan sa bahay.
- Gagawing priyoridad ng programa ang pagbabayad ng kasalukuyang upang di pa nabayaran at mga utility bago sagutin ang mga pagbabayad ng upa at utility sa hinaharap.
- Maaaring mag-apply ang mga nagpapaupa na may isa o higit pang karapat-dapat na umuupa na ma-reimburse ang 80 porsyento ng upa ng bawat upang di nabayaran ng karapat-dapat na umuupa sa pagitan ng Abril 1, 2020 hanggang Marso 31, 2021, kung pumapayag silang i-waive ang natitirang 20 porsyento ng di-nabayarang upa para sa partikular na panahong iyon.
- Kung naga-apply ang nagpapaupa sa ngalan ng kanilang nangungupahan, kailangang kumpletuhin ng umuupa ang aplikasyon at magbigay ng mga kinakailangang dokumentasyon.
- Kung karapat-dapat ang umuupa ngunit piniling huwag sumali sa LB-ERAP ang nagpapaupa, maaari sila mismo ang mag-apply para sa 25 porsyente ng di-nabayarang upa sa pagitan ng Abril 1, 2020 hanggang Marso 31, 2021.
- Tutulungan ng LB-ERAP ang mga umuupang karapat-dapat ayon sa kita na bayaran ang mga utility, para sa parehong bayaring hindi pa nabayaran at mga bayarin sa hinaharap. Maaari ring mag-apply ang mga umuupa nang hanggang 25 porsyento ng kanilang upa hanggang sa tatlong buwang halaga ng upa sa hinaharap.

Ang pagpapalawig ng LB-ERAP ay tugon sa ikalawang round ng pagpopondo mula sa pederal na American Rescue Plan Act. Inaasahang makakatanggap ang Lungsod ng higit-kumulang $21.2 milyon, kabilang ang pondong itinabi na partikular na para sa mga sambahayan ng umuupang may napakababang kita. Ginagawa ng karagdagang pagpopondong ito ang kabuuan ng Lungsod para sa tulong sa pag-uupa sa higit sa $56 milyon sa buong pandemya ng COVID-19, ang $5.3 milyon nito ay ibinayad sa mga kwalipikadong umuupa sa pamamagitan ng Programang Tulong sa Pag-upa ng Long Beach Cares habang ang $28 milyon ay nakatalaga para sa distribusyon sa mga kasalukuyang aplikante ng LB-ERAP. Aktibong nakikipagtulungan

ang Lungsod sa mga partner ng Estado upang tukuyin ang mga karagdagang oportunidad ng pagpopondo na available sa pamamagitan ng pagpopondo ng Estado, tulad ng unang round ng pagpopondo.

Nagsimula nang tumanggap ng mga aplikasyon ang Lungsod para sa LB-ERAP noong Abril 13, 2021, na may mga pagbabayad na inaasahang magsisimula ngayong buwan. Ginagawang priyoridad ng kasalukuyang programa ang mga may atraso sa pag-upa at utility, habang patuloy ang staff ng Lungsod na alamin ang pinakaepektibong paggamit ng karagdagang pagpopondo upang makamit ang pinaka kinakailangan ng mga umuupa at nagpapaupa sa Long Beach, na nakahanay sa mga alituntunin ng Pananalapi at Estado.

Upang higit pang matutunan ang tungkol sa iba't ibang alituntunin sa kita at pagiging karapat-dapat ng LB-ERAP, bisitahin ang longbeach.gov/erap.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pabahay sa Long Beach, bisitahin ang longbeach.gov/lbds o tingnan ang Mga Mapagkukunan para sa Mga May ari ng Tahanan, Umuupa at Nagpapaupa ng Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at i-follow ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###